## TALA UKOL SA MGA KONTRIBYUTOR

**Teresa Paula S. De Luna**

Kasalukuyang Associate Professor ng Department of Speech Communication and Theater Arts ng College of Arts and Letters. Nagtapos siya ng Ph.D. in Anthropology sa College of Social Sciences and Philosophy, UP Diliman. Nagsilbi siya bilang Faculty Representative ng Anti-Sexual Harassment Council mula 2011 hanggang 2013. Mula naman 2013 hanggang kasalukyan, siya ang Tagapag-ugnay ng Office of Anti-Sexual Harassment (OASH). Kasapi siya ng Advisory Council ng Women and Children Protection Center (WCPC) ng Philippine National Police. Ang ilan sa mga nalimbag niyang akda ay ang *Cyberlove: Development of Online Relationships Toward Real-Time Romance* (2010) at ang aklat para sa K-12 na *Exploring Oral Communication* (2018). Nakapagbahagi siya ng kanyang mga papel sa kumperensiya tulad ng *Multiculturalism and our Hypermodern Existence: Issues in Speech Communication* (2019) at *Performativity in Rhetoric, Rhetoric in Performativity* (Abril 2019). Isa siya sa mga may-akda ng *Challenging the Face of Sexual Harassment in UP Diliman* (2016) na inilimbag ng OASH. tsdeluna@up.edu.ph

**Pauline Mari Hernando**

Kasalukuyang naglilingkod bilang Assistant Professor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Nagtapos ng BA Filipino, MA Filipino: Wika at Ph.D. Panitikan ng Pilipinas sa parehong pamantasan. Nagtuturo ng mga kursong Panitikan ng Kilusang Kababaihan, Produksiyong Pampanitikan ng Kilusang Anakpawis, Seksuwalidad at Kasarian, Wika, Kultura at Lipunan, at Mga Lapit sa Araling Pilipino. Mababasa ang ilan sa kanyang mga pinakabagong pananaliksik at malikhaing akda sa *Humanities Diliman: A Philippine Journal of Humanities* (2016), *Asian Studies: Journal of Critical Perspectives on Asia* (2017), *Malay Research Journal* (2015), *Likhaan 9: The Journal of Contemporary Philippine Literature* (2015) at *Philippine Humanities Review* (2013). Awtor ng aklat na *Lorena: Isang Tulambuhay* na inilathala ng University of the Philippines Press taong 2018.

Ginawaran ng One UP Faculty Grant for Teaching and Creative Work para sa mga taong 2019-2021. Magkasunod na ginawaran ng UP Diliman Centennial Professorial Chair Award para sa mga taong 2018 at 2019. Tumanggap din ng International Publication Award taong 2016. Naging kasapi ng UP Writers' Club, Philippine Studies Association, Inc. at Gabriela Network of Professionals. Isa rin sa mga kasaping-tagapagtatag ng Junior Philippine Geographic Society. Kasalukuyang naglilingkod bilang National Vice-President for Faculty ng All UP Academic Employees Union.
pfhernando@up.edu.ph

**Ma. Rizza Mae G. Narvaez**

Kasalukuyang University Research Associate ng Office of Anti-Sexual Harassment, University of the Philippines Diliman. Nagtapos siya ng Bachelor in Physical Education (2008) sa College of Human Kinetics, UP Diliman at kasalukuyang kumukuha ng kanyang gradwadong pag-aaral sa Women and Development Studies sa College of Social Work and Community Development. Naging miyembro siya ng Kabataan para sa Bayan at Kaunlaran ng UP Campus (2004). Nagsilbi siya bilang isang Visitor's Information Personnel (2004-2006) at Paracounselor ng Family and Community Healing Center ng Barangay UP Campus.
mgnarvaez1@up.edu.ph

**E. San Juan, Jr.**

Si Dr. E. San Juan ay naging Visiting Professor of English sa Unibersidad ng Pilipinas, Diliman. Siya ay Emeritus Professor sa English, Comparative Literature, at Ethnic Studies sa Washington State University at University of Connecticut. Naging Fullbright Professor of American Studies siya sa Leuven University, Belgium; Visiting Professor of Literature

sa National Tsing Hua University, at sa Tamkang University, Taiwan. Naglingkod bilang Visiting Professor of English sa Wesleyan University at sa Universita degli di studi Trento, Italy. Naging tagapangulo siya ng Department of Comparative American Cultures, Washington State University. Naging *fellow* sa mga sumusunod na unibersidad: W.E.B. Du Bois Institute, Harvard University Center for the Humanities, at sa Institute for the Advanced Study of the Humanities sa University of Edinburgh, Scotland. Ang ilan sa mga bagong labas niyang akda ay ang *U.S. Imperialism and Revolution in the Philippines* (Palgrave); *Kontra-Modernidad* (UP Press), *Learning from the Filipino Diaspora* (UST Press); *Filipinas Everywhere* (De La Salle University Press & Sussex Academic Press); at *Carlos Bulosan: Revolutionary Filipino Writer in the United States* (Peter Lang). philcsc@gmail.com

**John Leihmar C. Toledo**

Si John Leihmar C. Toledo ay Assistant Professor sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños kung saan siya nagtuturo ng ARTS 1 (*Critical Perspectives in the Arts*), *creative nonfiction*, at teoryang pampanitikan. Nagtapos siya ng BA English Studies: Anglo-American Literature sa UP Departamento ng Ingles at Komparatibong Panitikan (Cum Laude, 2013) at MA Malikhaing Pagsulat sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (2018) sa kaparehong institusyon. Ang kanyang papel na isinumite ay halaw sa kanyang tesis tungkol sa talang-gunitâ o *memoir*, ang “Pagbabakla: Mga talang-gunitâ” (Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 2018). Nalathala ang kanyang tatlong dagli sa antolohiyang *Saanman: Mga Kuwento Mula sa Biyahe, Bagahe*, at *Balikbayan Box* (*Pagejump Folio,* 2018). Kasalukuyan din siyang Bise-Presidente para sa Edukasyon ng Kataga, isang samahan ng mga manunulat na nagsusulong ng malikhaing pagsulat sa Filipino. Naisama rin ang kanyang mga pananaliksik at malikhaing akda sa *Sexualization, Media and Society* (2015) ng *SAGE UK*, *TEAM Magazine* (2017), *Kabig Folio* ng Kataga, Samahan ng mga Manunulat, Inc. (2018) at "Pinili: 15 Years of Lamiraw" ng *Katig* (2019). jctoledo@up.edu.ph